**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**PRESIDENTIAL NEWS DESK**
**REF: DIR. ROBERTZON F. RAMIREZ**

**TALUMPATI NI PANGULONG FERDINAND R. MARCOS JR. SA TRABAHO AT SERBISYONG PANGKALUSUGAN SA BAGONG PILIPINAS SA SAMAR**

[Inihayag sa Barangay Old Manunca, Sta. Rita, Samar | Ika-14 ng Marso 2025]

Nandito lang po kami – isinama ko po ang ating iba't ibang Cabinet secretary, nandito rin po ang ating mga liderato sa local government.

At kami po ay ito 'yung amin pong ginagawa hindi lamang dito sa inyo, hindi lang dito sa Samar, kundi sa iba't ibang lugar sa buong Pilipinas.

Ganyan po ang aming ginagawa pagka – maglalagay kami ng job fair, mayroong medical mission.

Iyong job fair po para 'yan -- 'yung pinakamahirap na gawin ay ang mag-match ng trabaho. Ibig sabihin bagay 'yung trabaho doon sa training nung aplikante.

Kaya naman nagpapasalamat tayo sa ating mga employer, nandito silang lahat. At sila'y tumutulong sa atin at sila po ay naghahanap ng manggagawa, hindi lamang dito sa Pilipinas pati na sa mga iba't ibang trabaho sa abroad para po ay kung kakayanin po ay 'yan po ang kailangan nating gawin para mabigyan ng pagkakataon ang ating mga kababayan na mapaganda naman ang kanilang mga buhay at ang buhay ng kanilang mga pamilya.

At nandiyan din po ang KADIWA center, KADIWA ng Pangulo. At diyan kami – 'yan po ang aming pamamagitan – that is the way na makapagbigay kami, makapagbigay doon sa mga lalo na sa lahat ng pinakanangangailangan at kailangan – pinakanangangailangan ay mabigyan ng kaunting ginhawa dahil may mas mura na bilihin.

Ang bigas po sa KADIWA ay P29 na lang. Pababa na po nang pababa. Habang tatagal ang panahon po, ang KADIWA hindi lamang sa mga mahihirap kundi gagawin na natin "KADIWA For All". Ibig sabihin, kung ano 'yung presyo dati sa KADIWA, iyan na rin ang gagawin natin presyo.

Pero dahan-dahan lang po – dahan-dahan nating binababa dahil binabago po natin lahat ang buong sistema.

Kaya naman po asahan po ninyo habang -- naaayon sa mga sistema. Naglalagay po tayo -- naglalagay po tayo para sa agrikultura. Pinapaganda natin.

Naglalagay po tayo lahat ng mga makinarya para tulungan ang ating mga magsasaka. Nagbibigay po tayo ng tractor. Naglalagay po tayo ng mga drying. Naglalagay po tayo ng mga panggiling, mga milling machine kung saan-saan po sa buong Pilipinas.

Para naman ang kikitain galing sa palay at sa bigas ay maiiwan sa magsasaka. Hindi mapupunta doon sa mga malalaking supermarket. Dito na maiiwan ang perang 'yan – ang tinatawag na "value-added".

Kasi bawat pagproseso niyan, mas magiging mahalaga. Iyong halaga na 'yun ay maiiwan dito sa atin.

Kaya't iyan ang aming ginagawa sa agrikultura.

At siyempre lagi naman sigurong kailangan, lalo na ngayon na marami tayong naririnig na kailangan nating bantayan tungkol sa ating kalusugan kaya't naglagay po tayo ng – naglalagay po tayo ng medical mission.

At nagpapasalamat ako sa iba't ibang mga participants. Galing sila sa iba't ibang clinic, iba't ibang ospital. Ngunit nag-volunteer sila dito ngayong araw para tulungan kayong lahat. 'Yan po ang aming ginagawa.

At mayroon din po tayong livelihood program. 'Yung hindi naman nag-a-apply ng trabaho ay mayroon tayong DOLE-supported na livelihood program.

Ito ay lalong-lalo na para sa mga manggagawa natin na nawalan ng trabaho ay naghahanap ng hanapbuhay.

Habang sila ay papasok ulit sa ibang trabaho ay mayroon silang kaunting livelihood, mayroon silang kaunting [pagkakakitaan], susuportahan po 'yan ng DOLE.

At 'yan po. At eh napakaganda na makita na very successful itong ating mga ginagawa na ganito.

Papasalamat siyempre tayo sa ating mga local officials dahil po kahit na anong gawin namin sa national, 'pag hindi maganda ang coordination sa ating mga local officials, sa LGU, ay hindi siguro – hindi ganito kasing ganda ang magiging program natin.

Oh, ito na po, mayroon na tayong nakita dito sa harap, nakasuot po ng "HOTS". Pakita niyo 'yung t-shirt niyo. Oh, 'yan.

Ang ibig sabihin ng HOTS, "hired on the spot" ha. Ibig sabihin doon sa pag-apply nila ngayon eh mayroon na silang nakuhang – mayroon na silang nakuhang puwesto. Very good, congratulations. *[palakpakan]*

Sana lahat po ay sisikapin namin na lahat po ng naghahanap ng – *[Please sit down.]* – lahat po ng naghahanap ng trabaho ay kahit papaano ay bibigyan natin ng pagkakataon upang makapaghanapbuhay nang disente at nang mabuti para sa kanilang mga pamilya.

Kaya naman po nandito ako upang matingnan at mainspeksyunan lahat po ng pangyayari -- lahat nung nagagawa dito. Mukha namang maayos, very well-attended, very well-organized sa…

Doon pala nakalimutan ko, doon sa labas, mayroong pa 'yung – 'yung lab na laboratoryo, na trak. 'Yan po ay galing naman si --- kay First Lady. 'Yan ang project niya, 'yung Lab For All. *[palakpakan]*

Ang Lab For All ay programa niya, project niya na mabibigyan ng ganyang klaseng trak ang bawat probinsya sa buong Pilipinas.

Ngunit dahil siguro eh mayroon bumubulong sa kanya bago siya matulog, inuna na niya ang mga Waray-Waray. *[palakpakan]*

Kaya't nandiyan na 'yung mga ating ano – nandiyan na 'yung ating mga trak.

Kaya naman po ay gamitin niyo po lahat po ito na mga pagkakataon upang makahanap ng trabaho, upang magpatingin, upang makabili ng mga mas mura na bilihin.

At sana po ito ay nagdadala ng kaunting tulong. Alam naman po natin, kahit ano pang sabihin natin ay talagang mahirap ang buhay ngayon at maraming nagbabago.

Ito lang climate change ay ngayon ulan nang ulan dito sa – dito sa atin. Panay ang ulan. Araw-araw halos umuulan.

Kaya't nagbago talaga ang panahon. Kaya't kailangan nating mag-adjust. Kailangan nating mag-adjust sa ating pamumuhay. Kailangan nating mag-adjust sa ating mga eskuwelahan. Kailangan nating mag-adjust dahil talagang malaki ang pagbabago ang hinaharap natin.

Iyon lang po at ako ay bumabati lang po at matagal na akong hindi nakabalik. Actually, eleksyon pa yata the last that I was here in ano – in Samar.

Kaya't I'm happy to be able to come here na makita ko kayong lahat ang ating mga kababayan na Waray. *[palakpakan]*

Okay, 'yun lang naman po at dakong salamat! Thank you very much. *[palakpakan]*

**--- END ---**